# Pananalig Laban sa "Ngunit…", "Ano kaya kung…" at "Paano…"

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder and Vision-Holder
September 12, 2020

Madalas, nakaharap tayo sa labanan ng ating pananalig at pansariling pangangatwiran. Tanda ng pangangatwiran ang pagsasabi ng "Ngunit", "Ano kaya kung" at "Paano" sa buhay natin at sa ating pagdadasal. Subalit, mas madalas na ang ating pangangatwiran ay nagiging hadlang sa mga gustong gawin ng Diyos sa buhay natin. Gusto Niya na ang ating kaisipan ay sa mga himala nakatuon, para masanay ang ating pananampalataya.

**1.Kahulugan ng mga salita:**

- **Pero, Ngunit, Subalit-**hudyat ito na taliwas ang kaisipan sa paksang pinag-uusapan.
- **Kung-** nagpapahiwatig ng kondisyon.
- **Paano-** nagtatanong nang paraan ng paggawa

**2.Apat na kwento tungkol sa kaisipan ng mga himala sa Mateo 8:**

2.1 Ketongin (Mt. 8:1-4)

- "Panginoon, **kung** ibig po Ninyo, ako'y Inyong mapapagaling" (Mt 8:2).
- Nagpunta siya para sambahin ang Diyos sa pag-asang mapagagaling siya.
- Hilingin natin kay Jesus na linisin Niya tayo sa pagkakasala.

2.2 Senturyon (Mt. 8:5-13)

- "Ginoo, hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa ninyo sa aking bahay. Ngunit sabihin lamang po Ninyo at gagaling na ang aking alipin" (Mt.8:8).

2.3 Ang byenan ni Pedro (Mt.8:14-15)

- Alam niya paano mamuhay nang may pusong naglilingkod. "Gagaling ang mga may sakit na mapatungan ng kanilang kamay" (Mk 16:18).

2.4 Ang inaalihan ng demonyo (Mt8:28-34)

- Sa ngalan ni Jesus, nakakapagpalayas tayo ng demonyo (Mk16:17).

3.Sa kaisipan nagsisimula ang laban:

3.1 "Huwag kayong umayon sa takbo ng mundo. Mag-iba na kayo at magbago ng isip" (Rom12:2).

3.2 "Dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri" (Fil 4:8).

3.3 Nakakita na ang bulag.

- "Mangyari po ayon sa inyong paniniwala" (Mt. 9:29).Hayaan nating mahipo ng Diyos ang ating mga mata para makita natin ang Kanyang mga biyaya at himalang nakalaan para sa atin.

3.4 Sumagot si Jesus, "Manalig kayo sa Diyos. Kung sabihin ninuman sa bundok na ito,'Umalis ka riyan, tumalon ka sa dagat,' na hindi siya nag-aalinlangan kundi nananalig na mangyayari ang sinabi niya, ito'y gagawin ng Diyos para sa kanya (Mk. 11:22-23).

**4.Mga taong nagkaroon ng laban sa pananalig at katwiran:**

**4.1 Moses** Nag-alinlangan siyang tumutol sa Faraon at pamunuan ang mga Israelita sa pag-Alis sa Egipto (Ex 3:7). Sumunod lang sa Diyos. Sundin ang Kanyang plano. Maglakbay kasama ang Espiritu Santo.

**4.2 Jeremiah** Sinabi niyang bata pa siya noong tinawag ng Diyos (Jer 1:6-7). "Kung tatawag ka sa akin tutugunin kita (Jer 33:3).

**4.3 Abram** Iniisip niyang matanda na siya para magkaroon pa ng anak (Gen 15:1-2).

**4.4 Caleb** Nakita niyang mas higit ang mga biyaya sa lupang pangako kaysa sa mga higante (Blg. 13:30).

**4.5 Noah** Hindi niya alam ano ang ulan, pero sumunod siya sa utos ng Diyos (Gen 7:4,10). -Huwag mag-alala sa mga detalye na di natin kayang makontrol. Ipaubaya ito sa Diyos.

**4.6 Joshua** Nagtiwala siya sa pangako ng Diyos (Jos 6:2).

**4.7 Habakkuk,** sa kabila ng masamang sitwasyon, nagalak siya sa Panginoon (Hab 3:17-18). Kung ang lahat ay walang kahulugan, alalahanin na ang Diyos ay nagbibigay kulay sa buhay.

Minsan pinapatay ng ating pangangatwiran ang ating pananampalataya. Nakapokus ang lahat ng ating atensyon sa mga limitasyon hanggang mahulog tayo sa hukay ng kapahamakan at lumbay. Kung ano ang pinaniniwalaan natin ay iyon ang ipinapahayag natin. Sa ganitong paraan, nagkakaroon tayo ng kaisipan para sa mga himala upang dumaloy ang mga biyaya ng Diyos sa atin.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at Naaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
For more Teachings, visit our website.